# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 62
# Mula sa Buhay ni Jonas Yugto 4
# Patuloy na haharapin ng Dios ang iyong masamang paguugali

"1 Nguni't naghinanakit na mainam si Jonas, at siya'y nagalit.2 At siya'y nanalangin sa Panginoon, at nagsabi, Ako'y nakikipanayam sa iyo, Oh Panginoon, di baga ito ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan.3 Kaya nga, Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay.4 At sinabi ng Panginoon, Mabuti baga ang iyong ginagawa na magalit?5 Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim niyaon sa lilim, hanggang sa kaniyang makita kung ano ang mangyayari sa bayan. 6 At naghanda ang Panginoong Dios ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kaniyang ulo, upang iligtas siya sa kaniyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang mainam si Jonas dahil sa kikayon.7 Nguni't naghanda ang Dios ng isang uod nang magumaga nang kinabukasan at sinira ang halamang kikayon, na anopa't natuyo.8 At nangyari, nang sumikat ang araw, na naghanda ang Dios ng mainit na hanging silanganan; at sinikatan ng araw ang ulo ni Jonas, na anopa't siya'y nanglupaypay, at hiniling niya tungkol sa kaniya na siya'y mamatay, at nagsasabi, Mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay.9 At sinabi ng Dios kay Jonas, Mabuti baga ang ginagawa mo na magalit dahil sa kikayon? At kaniyang sinabi, Mabuti ang ginagawa ko na magalit hanggang sa kamatayan.10 At sinabi ng Panginoon, Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi:11 At hindi baga ako manghihinayang sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at dalawang pung libong katao na hindi marunong magmunimuni ng kanilang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?" (Jonas 4:1-11)

1 Nguni't naghinanakit na mainam si Jonas, at siya'y nagalit." (Jonas 4:1) Bakit si Jonas ay naghinanakit ng mainam? Malamang dahil hindi winasak ng Panginoon ang siyudad ng Nineve, hinihintay ni Jonas ang Diyos upang kumilos ng may paghatol sa kanila. Iyon ay kakaibang asal na pagkatapos niya mangaral sa kanila siya'y naghihinakit sa habag ng Diyos sa kanila. Ating nabasa Jonas 3 na ang Panginoon ay nagsisi mula sa masama na nais niyang ipadala nang nakita niya ang gawa ng mga tao at sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad. "10 At nakita ng Dios ang kanilang mga gawa, na sila'y nagsihiwalay sa kanilang masamang lakad; at nagsisi ang Dios sa kasamaan, na kaniyang sinabing kaniyang gagawin sa kanila; at hindi niya ginawa." (Jonas 3:10) Sumunod ang Diyos sa Kanyang Salita, na Kanyang kahahabagan ang mga nagsisisi.

Kaya malamang si Jonas ay naghihinakit sa habag ng Diyos na ipinakita sa mga tao ng Nineve. Bakit hindi inasahan ni Jonas na ang Diyos ay kahahabagan sila? Ipinangaral ni Jonas sa kanila ang sumusunod na mensahe:"4 At pumasok si Jonas sa bayan na may isang araw na gumagala, at siya'y sumigaw, at nagsasabi, Apat na pung araw pa at ang Ninive ay mawawasak." (Jonas 3:4) Hindi ba alam ni Jonas nang siya ay nangaral sa kanila at nagbabala sa kanila na maari silang magsisi? Si Jonas ay nangaral sa kanila ng mensahe pagkatapos na pilitin siya ng Diyos na pumunta sa kanila. Kaya't si Jonas ay pumunta para lamang pasiyahan ang Diyos at tuparin ang kanyang panata sa Diyos at takasan ang karagdagan paghatol at disiplina mula sa Diyos. Malamang hindi siya pumunta sa kanila upang ipangaral sa kanila ang ebanghelyo dahil siya ay may pagkahahabag sa kanila o sa pananampalataya, kundi siya lamang ay napilitang gawin iyon. Kaya naman pagkatapos niya ipahayag ang mensahe, hindi niya inaasahan na sila ay magsisisi, bagkus siya'y naghihintay sa paghatol ng Diyos na darating sa kanila.

Ikaw ba ay may ganoong masamang paguugali na ikaw ay pupunta upang maglingkod sa Diyos dahil lamang ikaw ay pinilit at ikaw ay pupunta upang magpahayag ng walang pananampalataya at walang habag? Oras na sayo upang magsisi sa ganoon at magpakumbaba sa harapan ng Diyos at sa harapan ng Kanyng Salita upang iyong maintindihan sa isang mas maayos na paraan kung ano ang tumatakbo sa isip ng Diyos.

"1 Kayat naghihinakit si Jonas ng mainam; Inaasahan ni Jonas ang paghatol ng Diyos na sasapit sa Nineve kahit pagkatapos niyang ipahayag sa kanila ang Salita ng Diyos, at nang iyon ay nangyari siya ay naghihinakit ng mainam. Ngayon naritong muli ang masamang asal ng manggagawa ay kasalungat sa layon ng Diyos para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Dito si Jonas ay naglabas ng kanyang hinanakit at hindi nagbigay ng pagsaalang alang na ang mga tao sa Nineve ay maaring magsisi mula sa kanilang mga kasalanan. Dito siya ay napaka mapanghatol sa kanyang paguugali patungo sa mga tao na sinabi sa kanya ng Diyos na abutin. Kaya ang mapanghusgang asal ni Jonas ay dumating sapagkat sa kanyang kawalan ng habag sa mga tao at sa kanyang kawalan ng pananampalataya na ang mensahe ng Diyos maaring makagpabago ng mga tao.

Si Jonas, sa kanyang mapanghatol na paguugali ito rin ay marahil dahil sa kanyang pagkamuhi sa mga tao ng Nineve na sumakop sa lupain ng Israel. Kaya naman inilagay siya ng Diyos sa ilalim ng ganoong pagsubok upang ituwid ang kanyang maling paguugali at upang maunawaan niya ng mas mabuti ang kalooban ng Diyos at ang Kanyang pagibig para sa lahat ng sangkatauhan. Sa parehong paraan maaring ilagay ka ng Diyos sa ilalim ng ganoong uri ng disiplina at hilingin sayo na gawin ang ganoong gawain, na pumunta at ipahayag sa iyong kaaway sapagkat nais Niya na linisin ka mula sa ganoong paguugali ng paghatol at maling asal at walang pagpapatawad.

At siya ay nagalit: Si Jonas ay nagalit dahil iniligtas ng Diyos ang mga tao ng Nineve at hindi ipinadala ang Kanyang paghatol sa kanila. Ang galit ay isa sa masamang paguugali, at isang panghahawakan ng diablo sa buhay ng mga manggagawa na naglilingkod sa Diyos. Ang galit ay hindi magdadala ng isang matuwid na buhay na nais ng Diyos sayo upang mabuhay. Sapagkat ang galit ay maaring mag akay sayo upang gumawa ng kasalanan. Si Jonas ay nagalit sa Diyos sapagkat hindi Niya winasak ang mga tao ng Nineve dahil kanilang sinakop ang Israel at si Jonas ay nakatuon sa gayong galit laban sa Diyos at ipinahayag ito nang siya ay tumangging pumuntang sa misyong gawain na nais ng Diyos na ipadala siya upang gawin. Ginagawa mo ba ang pareho sa Diyos? Kung oo sa gayon magsisi sa ganoong galit at masamang paguugali patungo sa Diyos at patungo sa iyong kaaway.

Sinabi ni Jesus, "44 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig;" (Mateo 5:44) "27 Datapuwa't sinasabi ko sa inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo." (Lucas 6:27) Narito si Jonas ay inilagay sa ganoong misyon upang maturuan na ibigin ang kaaway, na magkaroon ng habag sa kanyang kaaway, na pagpalain ang kanyang kaaway na sinumpa siya at gawin ang mabuti sa kanila.

Datapuwa't sinasabi ko sa inyong nangakikinig, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway: Magkaroon ng pagibig na paguugali patungo sa mga nanakit sayo at gawin ang iyong makakaya upang sila'y maligtas.

pagpalain ang mga nagsisisumpa sa inyo: Sa mga sumunpa sayo sa kanilang bibig, ang sumpa ay hindi magkakatotoo maliban na mayroong paghahawakan para doon sa iyong buhay. Ngunit para sayo hayaan ang iyong asal sa kanila ay para pagpalain sila at hangarin sa kanila na magsisi sa ganoon at magsisi sa kanilang mga kasalanan at para doon ang Diyos ay gagawa ng himala sa kanilang buhay upang sila'y magsisi at simulang kilalanin ang Diyos.

gawan ninyo ng mabuti ang nangapopoot sa inyo: Ikaw ay tinawag upang gumawa ng mabubuting bagay sa mga namumuhi sayo. Posibleng iyon ang maging daan sa kanila upang baguhin ang kanilang isip sayo.

at idalangin ninyo ang sa inyo'y nagsisiusig;" idalangin ang mga, na para lamang sa kanilang pansariling benepisyo upang gamitin ka, ngunit sa huli itatapon ka at sisimulang usigin ka pagkatapos mong nagawa sa paglilingkod sa kanila.

Ito ang panalangin ni Jonas na nagpapakita kung anong nasa loob niya, "2 At siya'y nanalangin sa Panginoon, at nagsabi, Ako'y nakikipanayam sa iyo, Oh Panginoon, di baga ito ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan." (Jonas 4:22) Dito ang panalangin ni Jonas ay kabaligtaran sa direksyon ng Diyos. Sinabi ni Jonas sa Diyos, na hindi kailangang pumunta sa misyon na iyon sapagkat alam niya na hindi hahatulan ng Diyos sila at sa

huli siya may kagandahang-loob sa kanila, kaya naman sa kanyang galit at sa kanyang kabiguan sa Diyos siya'y pumunta sa Tarsis.

Sinabi ni Jonas sa Diyos, "sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan." (Jonas 4:2) Parang sinasabi ni Jonas sa Diyos, ikaw ay mapagbiyaya, maawain, mabait at banayad sa pagkagalit sa masasamang tao, ngunit ikaw ay nagagalit lamang sa akin. Maraming mga manggagawa o maaring ikaw, ay nagsasalita ng ganoon sa Diyos; para sa iba hindi mo sila pinaparusahan, kahit na sila'y gumawa ng malaking kasalanan, ngunit para sa aking maliit na kasalanan ikaw ay galit na galit sa akin. * Ilagay sa iyong isip na pakikitunguhan ng Diyos ang mga hindi mananampalataya na patay sa kanilang kasalanan sa paraang para ipakita sa kanila ang Kanyang paibig at dalhin sila sa pagsisisi. Ngunit para sayong usapin, ikaw ay Kanyang anak, at didisiplinahin Ka niya upang ikaw ay hindi mamatay sa iyong kasalanan.

"2 At siya'y nanalangin sa Panginoon, at nagsabi, Ako'y nakikipanayam sa iyo, Oh Panginoon, di baga ito ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mapagbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan." (Jonas 4:2) Dito sa tatala 2 malinaw na ipinapakita dito na si Jonas ay hindi masaya na ang mga tao ng Nineve ay naligtas. Ilan sa mga tao ay malungkot na makita ang ibang tao na nagsisi at naniwala sa Diyos at sumali sa simbahan. Ito ay kanilang pagkamakasarili, kawalan ng pagibig at maling kaunawaan tungkol sa Diyos. Ilagay sa iyong isip na ang hindi mananampalataya ay nilikha ng Diyos at iniibig Niya sila, nais Niya silang maligtas, at nais Niyang trabahuhin sila upang maabot sila.

"3 Kaya nga, Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay." (Jonas 4:3) Tingnan dito ang pagkamasarili at ang maling paguugali ni Jonas. Sa gitna ng misyon ng Diyos, dapat siyang umupo at manalangin at mamagitan sa Diyos upang ligtas ang mga tao at para doon sila'y tumugon sa mensahe, ngunit dito hiniling ni Jonas sa Diyos na kunin ang kanyang buhay. Napaka mapanuyang tao si Jonas, ngunit huwag mamangha maraming mga alagad ni Jonas ay ganyan, ngunit huwag maging kabilang sa kanila; sapagkat mayroong mga manggagawa ganyan na kumikilos sa paraan ng napaka walang sapat na paglago, ipinapakita ang kanilang emosyon, walang pagiingat sa misyon ng Diyos habang inaabot ng Diyos ang mga tao upang iligtas sila. Sa halip kailangan nilang kumilos, sumangayon sa Diyos at sumabay sa Kanyang puso at sa Kanyang misyon upang iligtas ang nawawala.

"3 Kaya nga, Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay." (Jonas 4:3) Ang ganyang masamang asal ay sobrang kumpiyansa at inaabuso ang kabutihan ng Diyos sa kanilang buhay. Si Jonas ay para ba nakalimutan ang kanyang naging aral nang siya nasa tiyan ng malaking isda. Huwag kalimutan ang iyong naging aral at kung ano ang ipinahintulot sayo ng Diyos na pagdaanan ng mga pagsubok upang disiplinahin ka. Maaring ilagay ka sa ibang pangyayari kung ikaw ay babalik sa iyong masamang paguugali.

"4 At sinabi ng Panginoon, Mabuti baga ang iyong ginagawa na magalit?" (Jonas 4:4) Muling sinaway ng Diyos si Jonas sa kanyang masamang paguugali. Ang Panginoon ay maaaring sawayin ka sa parehong paraan upang ituwid ka at gisingin ka sa nangyayari at sa wakas ay sumunod sa Diyos at sa Kanyang kalooban.

"5 Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim niyaon sa lilim, hanggang sa kaniyang makita kung ano ang mangyayari sa bayan." (Jonas 4:5) Si Jonas ay nagalit sa gayong pagsuway, at mas lalong nagalit dahil ngayon nalaman niya na hindi isinaalang alang ng Diyos ang nasa kanyang isip. Si Jonas ay mas nagalit ngayon sapagkat pinilit siya ng Diyos na pumunta sa Nineve. Ano ang ginawa ni Jonas at kung paano siya naghinanakit sa Diyos? Siya'y lumabas sa bayan, "5 Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan," Parang sinasabi ni Jonas sa Diyos, "Ako'y aalis, ayaw mong makinig sa akin, gawin mong mag isa. Ako'y aalis na sa simbahan, hindi na ako dadalo, ......' Maraming mga manggagawa sa kanilang galit at pagyayabang kanila na lamang itatapon ang kanilang gawain at lalayo sa Diyos at sa simbahan. Huwag maging kabilang sa ganyang mga manggagawa at huwag maging mapagmalaki sa Diyos, ang Panginoon ay kayang harapin ka kung ikaw ay kikilos sa ganitong masamang ugali.

"5 Nang magkagayo'y lumabas si Jonas sa bayan, at naupo sa dakong silanganan ng bayan, at doo'y gumawa siya ng isang balag, at naupo siya sa ilalim niyaon sa lilim, hanggang sa kaniyang makita kung ano ang mangyayari sa bayan." (Jonas 4:5) Si Jonas ay umalis mula sa presensya ng Diyos sa labas ng bayan at gumawa ng kanyang sariling balag at umupo sa ilalim niyaon upang iwasan ang init ng araw habang siya'y naghihintay sa magiging kahahantungan ng bayan, at kung wawasakin ito ng Diyos. Na para bang sinasabi niya sa Diyos, binibigyan kita ng huling pagkakataon upang wasakin ang bayan, at hindi na ako muling papasok doon. Si Jonas sa kanyang galit at pighati sapagkat hindi pinarusahan ng Diyos ang hindi mananampalatayang mga tao ng Nineve sa kanilang ginawa sa mga Israelita.

"6 At naghanda ang Panginoong Dios ng isang halamang kikayon, at pinataas sa itaas ni Jonas, upang maging lilim sa kaniyang ulo, upang iligtas siya sa kaniyang masamang kalagayan. Sa gayo'y natuwang mainam si Jonas dahil sa kikayon." (Jonas 4:6) dahil si Jonas ay malapit ngayon sa lugar na nais ng Diyos sa kanya na pumaroon, at dahil hindi siya umalis, kumilos ang Panginoon upang aliwin siya at paginhawain siya sa kanyang kapighatian. Hinayaan ng Diyos ang isang halamang kikayon at pinataas sa itaas ni Jonas upang bigyan siya ng lilim sa kanyang ulo upang iligtas siya sa kanyang masamang kalagayan. Tunay na si Jonas ay naaliw sa halamang kikayon na nagprotekta sa kanyang ulo mula sa init ng araw, ngunit hindi pa rin siya bumalik sa bayan . Gagawin ng Diyos ang kapareho sayo kapag ikaw ay nasa kapighatian na siya ay darating at aaliwin ka sa isang paraan o sa iba, ngunit dapat mong sundin ang Diyos at gawin ang sinasabi Niya sayo upang gawin.

"7 Nguni't naghanda ang Dios ng isang uod nang magumaga nang kinabukasan at sinira ang halamang kikayon, na anopa't natuyo." (Jonas 4:7) Ang Diyos ay nagpatuloy na tinuruan si Jonas ng panibagong aral dahil hindi niya isinaalang alang na sumama sa Diyos nang ipinakita ng Diyos sa kanya ang awa at pinaginhawa siya. Dahil si Jonas ay hindi pumasok sa bayan naghanda ang Diyos ng isang uod nang magumaga upang sirain ang halamang kikayon at ito'y namatay. Ang Diyos ay lilikha ng pangyayari sa Kanyang sariling pagpapasya at nakatalaga nang pangyayari upang pagsilbihan ang Kanyang layunin gaya ng ating mababasa rito, "8 At nangyari, nang sumikat ang araw, na naghanda ang Dios ng mainit na hanging silanganan; at sinikatan ng araw ang ulo ni Jonas, na anopa't siya'y nanglupaypay, at hiniling niya tungkol sa kaniya na siya'y mamatay, at nagsasabi, Mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay." (Jonas 4:8) Dito dinala ng Diyos ang araw bilang pagmumulan ng kawalan ng ginhawa sa ulo ni Jonas upang kanyang mapagtanto ang kanyang maling ginawa sa kanyang masamang paguugali ng galit at walang kapatawaran sa paguutos sa kanya upang pabalikin sa pagsisisi. Muling nagpatuloy si Jonas sa pag-aalboroto. "Ito ay mas mabuti sa akin na mamatay kaysa mabuhay." Ang pareho sa binasa natin sa talatan 3, "Oh Panginoon, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay." (Jonas 4:3) Hindi lamang si Jonas kundi maraming ibang manggagawa sila'y mayroong katulad na pagaalboroto, at nagsasalita ng katulad sa Diyos at hinahangad na mamamatay sapagkat pinipilit sila ng Diyos na manatili kung saan nais Niya na sila'y naroon. Kanilang hinahangad na mamatay sa kanilang pagsuway. 'kunin mo ang aking buhay Panginoon, ayaw ko ng mabuhay, ayaw kong narito, ayaw ko ng ganitong buhay, atbp.', ngunit hindi nila alam na sila'y mapupunta sa impierno. Magsisi sa iyong mga kasalanan, magsisi sa iyong galit at magsisi sa ganyang pagaalboroto at kumilos sa presensya ng Diyos.

"9 At sinabi ng Dios kay Jonas, Mabuti baga ang ginagawa mo na magalit dahil sa kikayon? At kaniyang sinabi, Mabuti ang ginagawa ko na magalit hanggang sa kamatayan." (Jonas 4:9) Muling ipinaliwanag ng mahinahon ng Diyos ang kalagayan ng kanyang manggagawa, sa propeta, ngunit si Jonas ay ganon pa rin sa kanyang pagaalboroto at walang kahandaan sumunod sa kalooban ng Diyos at layunin. Ngunit ang mapagpalang Diyos ay ipinaliwanag sa kanya ng higit ang layunin ng Diyos sa sangkatauhan at sinimulan Niya kay Jonas sa kanyang sarili sa pagsasabi sa kanya, "10 At sinabi ng Panginoon, Ikaw ay nanghinayang sa kikayon na hindi mo pinagpagalan o pinatubo man; na sumampa sa isang gabi, at nawala sa isang gabi:" (Jonas 4:10) Sinabi ng Diyos kay Jonas na ikaw ay may malasakit sa halamang kikayon na hindi mo itinanim o pinagpaguran o ginawang lumago. Sinasabi ng Diyos na iniisip mo ang maliliit na mga bagay na ito sapagkat ito'y nauukol sayo, ngunit hindi mo iniisip sa mga bagay ng Diyos. Ang parehong mensahe ay para sa isa at bawat isa sa atin , na huwag tayong makasarili at isipin lamang ang ating pansariling benepisyo ngunit ganon din gaya ng mga bagay ng Diyos at ni Cristo.

"11 At hindi baga ako manghihinayang sa Ninive, sa malaking bayang yaon, na mahigit sa isang daan at dalawang pung libong katao na hindi marunong magmunimuni ng kanilang kamay at ng kanilang kaliwang kamay; at marami ring hayop?" (Jonas 4:11) Ipinaliwanag ng Diyos kay Jonas na
siya ay may malasakit sa halamang kikayon na ibinigay ng Diyos, gaano pa ang Diyos ay kailangang magkaroon ng malasakit at tulungan at iligtas ang Ninive ang malaking bayan ng may isandaan at dalawangpung libong mga tao na walang nalalaman sa kung anong nalalaman ni Jonas sa Diyos, sa Kanyang Salita, sa Kanyang kalooban, at sa Kanyang plano ng kaligtasan. Sinabi ng Diyos kay Jonas, at marami ring hayop. Parang sinasabi kay Jonas sa isang uod na ipinadala ko sayo ay nawalan ka ng kaginhawaan gaaano pa kaya na kaya kong gamitin ang maraming hayop ng Nineve para sa aking pansariling layunin.

Habang hinarap ng Diyos si Jonas, ngayon haharapin ng Diyos ang isa at bawat isa sa atin ng harapan, kung iniisip natin ang tungkol sa ating maliliit na bagay; trabaho, mobile, relo, pagkain, damit, iba pa., at hindi iniisip ng higit ang mga taong nasa paligid natin at hindi nila nakikilala ang Diyos; hindi ba dapat tayo ngayon ay mag-alala na kumilos at ayusin ang ating sarili at magtrabaho kasama ang Diyos upang maabot ang mga nawawala sa paligid natin?

Sa aking Mahal at Minamahal: Ano ang matutunan natin mula sa nasa itaas na salaysay, na hindi dapat na maging mapagpabayang mga tao, makasarili, iresponsable, at ayaw unawain at sumama sa sinasabi ng Diyos sa atin na gawin sa pagpapatupad ng Kanyang plano ng kaligtasan para sa buong sangkatauhan. Hindi dapat nating hayaan ang ating galit at kawalan ng kapatawaran na manaig at humadlang sa atin mula sa paglilingkod sa Diyos. Nais sa atin ng Diyos na ibigin ang ating mga kaaway, na gumawa ng mabuti sa mga sumusumpa sa atin, na pagpalain ang sa mga naguusig sa atin at idalangin sa mga nangaabuso sa atin at naguusig sa atin.

Ating unawain mula sa mga pangyayari na ipinahintulot ng Diyos sa ating buhay na Siya ay kumikilos sa atin upang maunawaan ang Kanyang paibig patungo sa mga namamatay at sa mga hindi nakakakilala sa Kanya at kailangan Niya sa atin na sumama sa Kanya upang maabot sila ng mensahe at ibigin sila at ibigin na ililigtas sila ng Diyos, na magkaroon ng pananampalataya sa Diyos at magkaroon ng habag patungo sa kanila at manalangin ng taimtim sa Diyos upang iligtas sila.

Kaya't, ating ipangako ang ating buhay habang mayroon pa tayong kalakasan upang magtiis at magtiyaga at kumilos kasama ng Diyos upang maabot ang mga nawawala upang para sa kanila ay makilala ang Diyos, na makilala si Cristo, ang Salita ng Diyos, ang kaligtasan ng Diyos at ang Kanyang kalooban sa kanilang buhay. Tayo ay manalangin.....

Ang aking Panalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Ipagtapat ang iyong kasalanan ngayon sa Panginoon.
Ipagtapat ang iyong galit, ang iyong kawalan ng pagpapatawad, ang iyong kapabayaan, ang iyong sariling-katuwiran, at ang iyong pagkamakasarili. Talikuran ang iyong pagaalboroto at ang iyong masamang ugali sa Diyos. Maging handa upang magsisi sa lahat ng masamang paguugali at maging handa na sumama sa Diyos at kung ano ang nasa Kanyang isip ng pagibig at habag patungo sa nawawala.

Panginoon inilagya ko ang aking sarili sa iyong kamay, Ako'y handang sumama sa iyong plano ng kaligtasan sa buong sangkatauhan at ako'y handang pumunta at maglingkod sayo at maging sa lugar na nais mo sa akin.

Panginoon aking idinadalangin ang aking mga Kapatiran na nagsisi sa kanilang masamang katangian at paguugali, Panginoon gamitin sila na maglingkod sayo at pumunta at magebanghelyo at abutin ang bagong mga tao at mapasalugar na nais mo sa kanila naroroon. Panginoon aking idinadalangin na kanilang ipasailalim ng ganap ang kanilang sarili sayo at simulang magparami ng bunga ng pagsisisi at ng Banal na Espiritu na sila'y mapuno ng pagibig, awa at habag sa mga nawawalang kaluluwa.

Panginoon aming ipinapangako ang aming sarili bilang isang simbahan upang pumunta at gawin ang gawaing misyon na nais mong gawin namin. Panginoon pusposin kami ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga kaloob na espirituwal na kailangan namin sa iyong ministerio upang pumunta at ipahayag ang mabuting balita at ebanghelyo at abutin ang nawawala at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon protektahan kami at ibigay ang para sa amin at paging dapatin mo kaming makapagtanim ng bagong pagaaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ni Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316201‌4
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.